

Ang Pag-aayuno
(Siyam) ay Dalawang Uri

Boluntaryo (Nafil):
Anumang bukod sa mga nabanggit na obligado.

Obligado (Wajib): katulad ng pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan, pagtutubos ng kasalanan (Kaffarat), at mataimtim na pangako o panata (Nudhur).

Depinisyon ng Pag-aayuno (Siyam):

Ito'y pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagkain, pag-inom at anumang nakakaputol ng pag-aayuno, magsisimula sa tunay na buwang-liwayway hanggang sa paglubog ng araw.

Ang Dalawang Haligi ng Pag-aayuno (Siyam)

Intensyon (Niyyah)

1

2
Ang Paglayo sa Anumang Makakasira ng Pag-aayuno



Intensyon sa Boluntaryong Pag-aayuno:

Tama ang pag-aayuno sa anumang oras ng araw hangga't hindi nakakagawa ng anumang makakasira sa pag-aayuno, ngunit ang gantimpala ay nagsisimula mula sa oras ng pagpasya ng intensyon.

Intensyon sa Obligadong Pag-aayuno:

Kailangang magpasyang mag-ayuno sa gabi para sa obligadong pag-aayuno — ibig sabihin bago magbukang-liwayway (fajr). Sapat na ang pagpasya sa simula ng buwan ng Ramadan, at ang lugar nito ay sa puso. Ang pagbigkas ng intensyon ay isang imbento (Bid'ah).

Ilan sa mga Pinahihintulutan Habang Nag-aayuno

- Pagtikim ng pagkain kung kinakailangan
- Paglunok ng laway
- Pagligo
- Paggamit ng Siwak
- Pagpapabango
- Pagpapalamig

Ang mga Nakakasira ng Pag-aayuno (Siyam):
1-Sinasadyang pagkain o pag-inom, dahil tanggap na rason ang pagkalimot. 2- Pakikipagtalik tuwing umaga ng Ramadhan at obligado sa kanya ang pag-aayuno, ito'y mayroong mabigat na parusa. 3- Pagpapalabas ng semilya. 4- Anuman ang papasok sa kuhulugan ng pagkain at pag-inom, kagaya ng pagtuturok ng nutrisyon. 5- Bentosa (Hijamah) pagsipsip ng maduming dugo sa katawan. 6- Sinadyang pagsusuka. 7- Paglabas ng regla at dugo pagkatapos ng panganganak (Nifas).

Ang mga Kondisyon ng Obligadong Pag-aayuno

1-Islam (sa taong Muslim)

2-Tamang pag-iisip

3-Nasa hustong gulang, at maaaring hikayatin ang sinumang wala pa sa hustong gulang

4-Ang pagiging residente, at hindi obligado sa manlalakbay ang pag-aayuno, at maaring mag-ayuno ang taong manlalakbay base sa ginawa ng Sugo (suma kanya nawa ang kapayapaan ng Allah) upang makuha ang gantimpala ng buwan na ito.

5-Maayos na kalusugan. 6-Walang buwanang dalaw o pagdurugo dulot ng panganganak (Nifas).

Ang mga Ipinagbabawal sa Nag-aayuno:

- 1- Ang paglunok ng plema, subalit ito'y hindi nakakaputol ng pag-aayuno.
- 2- Ang paghalik sa asawa, sa mga taong hindi kayang pigilin ng kanyang sariling pagnanasa.
- 3- Ang masasamang gawain.
- 4- Ang kamangmangan (Jahl).
- 5- Ang hindi pag-break ng ayuno (pag-aayuno ng dalawang araw na sunod sunod).

Mga Kinumumuhian na Gawain Habang Nag-aayuno:

- 1- Ang sobrang pagmumog at pasinghot ng tubig.
- 2- Pagtikim sa pagkain nang hindi kinakailangan.